Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-21 NG SETYEMBRE, 2020 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IPM Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member-**Leave** |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr | Sangguniang Bayan Member-**Leave** |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**KAPASYAHAN BLG. 20-09-423**

**KAPASYAHANG GAWAD PAGKILALA KAY G. MARVIN SUDOY DAHIL SA KANYANG PAGSISIKAP NA MAPASIGLA ANG KALAKALAN, AGRIKULTURA AT PAGHAHANAPBUHAY SA HANAY NG MGA KATUTUBONG MANGYAN**

**"SAPAGKAT,** ang munting Bayan ng Bulalacao ay matatagpuan sa dulong bahagi ng Lalawigan ng Oriental Mindoro na isang malungkot na ehemplo ng kahirapan kung saan ang dalawamput limang porsyento ng populasyon nito ay mga katutubo na kung tawagin ay Hanunuo Mangyan;

**"SAPAGKAT,** mapalad pa rin ang Bulalacao sa kadahilanang isa sa mga lehitimong anak nito sa katauhan ni G. Marvin Sudoy ay nagsilbing isang malaking inspirasyon lalo't higit sa kapwa niya katutubong mangyan na nagpatunay na sa kabila ng kahirapan ay naroon pa rin ang pag-asa at ginhawa;

**"SAPAGKAT,** si G. Sudoy ay isang maliwanag na simbolo ng sipag at tiyaga, dati siyang nagtrabaho bilang isang tsuper sa Maynila at matapos ang ilang panahon ay nagdesisyon umuwi sa sariling bayan at mula sa mga naipon niya ay nagsimulang magnegosyo;

**"SAPAGKAT,** sa kabila ng tagumpay ni G. Sudoy sa kanyang mga negosyo ay hindi siya naging maramot na makatulong sa pamamagitan ng pagbibigay ng opurtunidad sa kapwa niya katutubong mangyan sa ibat-ibang paraan na nagbigay ng pagkikitaan sa isang pamilyang katutubo na makaraos sa bawat araw, matustusan ang pangangailangan at higit sa lahat ang mapag-aral ang mga anak upang maiba ang buhay na kanyang kinagisnan at mai-angat ang sosyal na estado ng bawat katutubong pamilya;

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT** , ang malasakit at pagmamahal ni G. Marvin Sudoy sa kapwa niya katutubo ay nararapat lamang na bigyang-pugay at kilalanin sapagkat ang mga taong kagaya niya ay sadyang katangi-tangi; kaya't dahil dito

**PINAGPASYAHAN PA GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA;** magawaran ng pagkilala si G. Marvin Sudoy dahil sa kanyang pagsisikap na mapasigla ang kalakalan, agrikultura at paghahanapbuhay sa hanay ng katutubong mangyan.

**SA MUGKAHI** nina SB Member Edwin C. Aceron, SB Member Tulay M. Caring at SB Member Dexter R. Gonzales na pinangalawahan ni SB Member Kieven E. Cantos, ang kapasyahang ito ay…

**PINAGTIBAY":** Setyembre 21, 2020 Bulalacao, Oriental Mindoro.

---

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
SB Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
SB Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
SB Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IPM Representative

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 10/06/20

290920/PLP/jpc/admm

Scanned with CamScanner